



### **Scammers go after international students' money**

#### **Habol ng mga scammer ang pera ng mga estudyanteng mula sa ibang bansa**

Abogado, Dibisyon para sa Mamimili at Edukasyon sa Negosyo, FTC

Sinusubukan naming ipaalam sa iyo sa tuwing may nalalaman kami tungkol sa mga bagong scam, para maiwasan mo ang mga ito at mabigyang babala ang mga kaibigan at pamilya mo. Heto pa ang isa: ang mga scammer na nagpapanggap na sila ay mula sa pederal na gobyerno ay tinatakot ang mga estudyanteng bayaran sila ng pera.

Nakakatanggap kami ng mga report na ang mga estudyanteng mula sa ibang bansa, lalo na sa mga bansa sa Timog Asya, ay nakakatanggap ng mga tawag na parang mula sa gobyerno. Karaniwang alam ng caller ang tungkol sa immigration status ng estudyante at ang program o eskuwelahang pinapasukan nila. Sasabihin nitong may problema sa mga dokumento sa immigration o visa renewal ng estudyante. At pagkatapos ay hihingi ito ng bayad na madalas ay libu-libong dolyar, para sa isang fee o pekeng immigration bond. Nakapagbanta na ang mga caller na ito, kabilang ang pag-aresto o deportation, kung hindi magbabayad ang mga estudyante, at hihingin nilang magbayad sa pamamagitan ng mga gift card (gaya ng Google Play o iTunes) o cryptocurrency (gaya ng Bitcoin).

Anu-ano ang mga palatandaan ng ang mga tawag na ito ay scam? Hindi gagawa ng mga ganoong pagtawag ang pederal na gobyerno, hindi mananakot nang ganoon, at hindi hihingi ng mga ganoong pagbabayad. At sinumang mga caller na gustong mabayaran sa pamamagitan ng mga gift card o cryptocurrency ay mga scammer, na gusto ang mga ganoong paraan ng pagbabayad dahil nakukuha nila ang pera at naglalaho nang walang bakas.

Kung makakatanggap ka ng ganitong tawag, ibaba ang telepono. Kung hindi ka kumbinsidong scam iyon, makipag-usap sa isang taong pinagkakatiwalaan mo tungkol sa tawag. Ilang tao ang nag-report na nalaman nilang scam ang tawag na iyon matapos makipag-usap sa isang kamag-anak, lokal na pulisya, o opisyal ng paaralan. Malamang na nakakatanggap ng parehong tawag ang iba sa komunidad, kaya't ang pagsasabi tungkol dito ay nakakatulong sa ibang nasa iyong lugar. At kung nag-aalala ka tungkol sa iyong visa o dokumentasyon sa immigration, tawagan ang National Customer Service Center ng USCIS sa 800-375-5283.

Ang impormasyon tungkol sa kung paano gumagana ang mga scam na ito ay nakakatulong sa ating mapigilan ito, kaya't mangyaring pumunta sa [FTC.gov/Complaint](https://www.ftc.gov/Complaint) para ipaalam sa amin kung kinontak ka ng isang scammer o ang isang taong kilala mo.